4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 3

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Marnie Lipata Vega (Silliman University)
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)

**Tagasuri**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal Universty)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tungkulin sa pagkilala sa mga karapatan ng kapuwa-bata bilang tanda ng pagiging magalang. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawain na kumikilala sa karapatan ng kapuwa-bata**<br>1. Nailalahad ang sariling mga tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata<br>2. Nakapagbibigay ng mga patunay na ang sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata ay mahalaga sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan<br>3. Naisasakilos ang mga tungkulin sa pagkilala sa mga karapatan ng kapuwa-bata |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | Magalang *(Respectful)* |
| **D. Nilalaman** | 1. Pagkilala sa Aking mga Karapatan at Tungkulin<br>2. Kahalagahan ng Pagkilala sa Karapatan ko at ng Kapuwa- Bata<br>3. Mga Paraan ng Pagkilala sa Karapatan ng Kapuwa- Bata. |
| **E. Integrasyon** | *Rights and responsibilities* |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

_____________(n.d.) *163_Gabay_sa_Mundo_ng_mga_Karapatang_Pambata PDF.* Rerieved on Marh 25, 204 from www.savethechildren.org.ph

Department of Education (n.d.). MATATAG curriculum good manners and right conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values education (VE) (Baitang 7-10) *Gabay Pangkurikulum.* Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

Marte, N.C. and Punsala, T.G. (2018). *Paano magpakatao: batayan at sanayang aklat sa edukasyon sa pagpapakatao.* Manila: Rex Book Store


Medriano, N.S. and Sagun, D.C. (n.d.). Lingguhang aralin sa GMRC 4 quarter 1: week 3 sy 2023-2024. Bureau of Learning Resources, Department of Education

Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>MAIKLING BALIK-ARAL<br><br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong.<br><br>1. Ano-anong mga mabubuting gawi o kilos ang iyong isinasabuhay bilang paraan ng pakikitungo sa iyong pamilya? Magbigay ng isang halimbawa.<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>2. Bakit mahalaga ang mga ito? Ipaliwanag ang ibinigay na halimbawa.<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>3. Paano mo gagawing karapatan o tungkulin sa kapuwa-bata ang ibinigay na halimbawa para sa pamilya?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td><td>Bumuo ng pangkat na may apat na miyembro. Pumili ng lider na mag-uulat ng sagot sa harap ng klase.<br><br>Iugnay ang sagot tungkol sa mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya sa bagong aralin tungkol sa sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata.</td></tr>
</table>

**B. Paglalahad ng Layunin**

**PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**




Pagkatapos ng talakayan sa Maikling Balik-Aral, tuklasin natin ang inyong dating kaalalaman sa bagong paksa sa pamamagitan ng pagsagot sa mahalagang tanong. Sagutan lamang ang unang kahon na may markang "ito ang sagot ko ngayon" isulat ang inyong sagot sa Sagutang Papel.

**PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**

Magbigay ng pansariling kahulugan sa sumusunod na mga salita at gumawa ng pangungusap tungkol dito.

| **Salita** | **Kahulugan** | **Pangungusap** |
|---|---|---|
| 1. Karapatan | | |
| 2. Tungkulin | | |
| 3. Magalang | | |

Pagsama-samahin ang lahat ng kahulugan at bumuo ng isang pangkalahatang pahayag tungkol sa aralin (isulat rin ito sa kahon ng "Pagkatapos ng Pagtatalakay" sa itaas):

__________________________________________________________________________________________________________________

Ipakita ang kahalagahan ng nakaraang aralin sa kasalukuyang aralin sa pamamagitan ng paglalahad ng pamagat ng panibagong aralin, mga pamantayan at kasanayan pagkatapos ay pasagutan ang mahalagang tanong.

Kasama ang mga miyembro ng grupo, sagutin kung ano ang nagtutulak sa tao na igalang ang karapatan ng kapwa?

Tiyakin na mauunawaan ng mag-aaral na ang pagkilala at pagunawa sa sariling mga karapatan at tungkulin pati na rin ang pagkilala sa karapatan at tungkulin ng kapuwa bilang kaparehas niyang may dignidad ang nagtutulak sa tao na igalang ang kanilang karapatan.

Kapag nilabag ang karapatang ito, magkakaroon siya ng damdamin ng pagsisisi dahil hindi maaaring puwersahin ng tao ang kaniyang kapuwa na ibigay sa kaniya ng sapilitan ang mga bagay na kailangan niya sa buhay. Dahil sa karapatang ito may tungkulin ang tao na akuin at tuparin ang kaniyang mga tungkulin.

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 1: Pagkilala ng Aking mga Karapatan at Tungkulin Bilang Isang Bata**

**Karapatang Mabuhay at Mapaunlad ang Sarili**
**(*Survival and Developmental Rights*)**


Talakayin kung ano ba ang Karapatang Pantao. Ito ay mga bagay na kailangan o puwedeng gawin nang malaya ng isang tao para siya ay mabuhay ng maayos at may dignidad. Hindi ito maaaring alisin mula sa kahit sino

| | | |
|---|---|---|
| | **Article 5** Dapat igalang ng gobyerno ang mga karapatan at responsibilidad ng iyong mga magulang na bigyan ka ng direksyon at gabay ayon sa iyong kakayahan.<br>**Article 6** May karapatan kang mabuhay at mapaunlad ang iyong sarili at ang iyong mga kakayahan.<br>**Article 7** May karapatan kang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad. Karapatan mong mairehistro pagkapanganak. Hangga't maaari, may karapatan kang makilala ang iyong magulang at maalagaan nila.<br>**Article 8** May karapatan kang magkaroon ng *identity* o pagkakilanlan. Obligasyon ng gobyerno na siguraduhing naipagkakaloob sa iyo at napoproteksyunan ang iyong pangalan, nasyonalidad at ugnayan sa iyong pamilya.<br>**Article 9** Hindi ka dapat mahiwalay sa iyong magulang maliban na lang kung para ito sa iyong kabutihan — halimbawa, kapag pinapabayaan o minamaltrato ka ng iyong magulang. Kung magkahiwalay ang iyong mga magulang, may karapatan kang makipag-ugnayan sa parehong magulang, maliban na lamang kung makasasama ito sa iyo.<br>**Article 10** Kung ikaw at ang iyong pamilya ay nakatira sa magkaibang bansa, may karapatan kayong magbiyahe sa pagitan ng mga bansang ito upang magkita o kaya ay magsamang muli sa iisang bansa.<br>**Article 18** Ang pareho mong mga magulang ay magkatulong sa responsibilidad ng pagpapalaki sa iyo, at dapat na laging isinasaalang-alang kung ano ang pinakamainam para sa iyo. Dapat tulungan ng gobyerno ang iyong mga magulang sa pagpapalaki at pangangalaga sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyong susuporta sa kanila, lalo na kung sila ay parehong nagtatrabaho.<br>**Article 20** Karapatan mong mabigyan ng espesyal na proteksyon kung ikaw ay wala sa piling ng iyong sariling pamilya. Kung hindi ka maalagaan ng sarili mong pamilya, dapat siguraduhin ng gobyerno na ikaw ay mabibigyan pa rin ng tamang pangangalaga na isinasaalang-alang ang iyong kultura at pinanggalingan.<br>**Article 23** Kung ikaw ay may kapansanan, sa isip man o sa katawan, may karapatan ka sa espesyal na kalinga, edukasyon, at pagsasanay upang matulungan kang umunlad at magkaroon ng buhay na may dignidad.<br>**Article 24** May karapatan ka sa pinakamahusay na kalidad ng serbisyong pangkalusugan at sa malinis na tubig, masustansyang pagkain, at malinis na kapaligiran upang manatili kang malusog. Dapat tulungan ng mga mayayayamang bansa ang mga mahihirap na bansa upang makamit ito. | mang tao, ano man ang katayuan sa buhay at situwasyon na kinalalagyan.<br>(163_Gabay_sa_Mundo_ng_mga_Karapatang_Pambata PDF (www.savethechildren.org.ph)<br>Bilang isang bata ikaw ay may mga karapatan, Ito ay nakasulat sa dokumento ng *United Nations Convention on the Rights of the Child* o UN CRC. Ito ay isang *treaty* na ipinagtibay noong 1989 ng UN. Pinirmahan ng Pilipinas ang UNCRC noong ika 26 ng Enero 1990 at naging opisyal na kasunduan noong 21 August 1990. Isa ang Pilipnas sa 196 na bansa sa buong mundo na pumirma at nakipagkasundo na pangangalagaan ang mga karapatang ito.<br>May tatlong kategorya ang mga karapatang pambata ito ay ang mga sumusunod:<br>1. Karapatang mabuhay at mapaunlad ang sarili (*Survival and Developmental Rights*)<br>2. Karapatang makilahok (*Participation Rights*)<br>3. Karapatang Maproteksyunan (*Protection Rights*)<br>Lahat ng mga bata wala pang 18 taong gulang ay mayroon ng mga karapatang ito. Kung ikaw ay may edad na mababa sa 18 taong gulang, ito ang mga karapatan mo. |

**Article 25** Kung ikaw ay nasa ilalim ng pangangalaga ng gobyerno o lokal na mga awtoridad, may karapatan kang masubaybayan kung ikaw ay nasa maayos at ligtas na kalagayan.
**Article 26** Kung ikaw ay mahirap, karapatan mong matulungan ng gobyerno sa iyong mga pangunahing pangangailangan.
**Article 27** May karapatan ka sa antas ng pamumuhay na sapat upang matugunan ang iyong mga pisikal at mental na pangangailangan. Dapat tulungan ng gobyerno ang mga pamilyang hindi kayang ibigay ang mga ito.
**Article 28** May karapatan kang mag-aral. Ang pagdidisiplina sa mga paaralan ay dapat may paggalang sa iyong pagkatao at dangal bilang bata. Dapat na libre ang edukasyon sa elementarya.
**Article 29** May karapatan ka sa isang edukasyon na nagsisikap paunlarin nang lubos ang iyong personalidad at abilidad, hinihikayat kang igalang ang karapatan at pahalagahan ang ibang tao, at igalang ang kapaligiran.
**Article 30** May karapatang kang pag-aralan at gamitin ang wika at kaugalian ng iyong pamilya katulad man ito o hindi sa wika ng karamihan ng mga tao sa bansang iyong tinitirahan.
**Article 31** May karapatan kang magpahinga at maglaro, at sumali sa iba't ibang aktibidad gaya ng sports, musika, at drama.
**Article 42** Dapat ipaalam ng gobyerno ang Kasunduang ito sa lahat ng mga magulang at bata. Karapatan mong malaman ang iyong mga karapatan. Dapat ring malaman ng mga nakatatanda ang mga karapatan mo bilang bata.

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

Pumili ng siyam (9) na artikulo mula sa iyong mga karapatan na mabuhay at mapa-unlad ang sarili at talakayin ang mga ito sa isang kapareha. Pagkatapos, ayusin ang mga ito sa pagkakasunud-sunod mula sa pinaka-importante hanggang sa hindi gaanong importante gamit ang *template* ng pagraranggo ng diyamante *(diamond ranking template)* sa ibaba.



| | | |
|---|---|---|
| | Ano-anong mga tungkulin ng isang bata ang maiuugnay mula sa napiling pinaka-importanteng karapatan ng kapuwa-bata. Magbigay ng dalawang halimbawa:<br><br>1. ____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>2. ____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**Piliin ang Tamang Sagot.** Basahin muli ang iba't-ibang Karapatang Mabuhay at Mapaunlad ang Sarili at tukuyin kung ano ang pagkakatulad ng sumusunod na mga Artikulo. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>Halimbawa: __a__ Article 9 at Article 18.<br>a. Papel ng magulang<br>b. Pagpunta sa palaruan<br>c. Libangin ang sarili<br><br>_____1. Article 10 at Article 20<br>a. Kahalagahan ng komunikasyon<br>b. Kahalagahan ng Pamilya<br>c. Kahalagahan ng sasakyan<br><br>_____2. Article 7, Article 8 at Article 23<br>a. Iyong Pagkakilanlan<br>b. Iyong Pag-ibig<br>c. Iyong Paggalang<br><br>_____3. Article 24 at Article 31<br>a. Para sa Pag-aaral<br>b. Para sa Kaibigan<br>c. Para sa Kalusugan | **Mga tamang sagot:**<br>1. b<br>2. a<br>3. c<br>4. b<br>5. a |

| | | |
|---|---|---|
| | _____4. Article 5, Article 25, Article 26, at Article 27<br>a. Serbisyo ng mga alaga<br>b. Serbisyo ng Gobyerno<br>c. Serbisyo ng Pulis<br><br>_____5. Article 28, Article 29, Article 30, at Article 42<br>a. Kahalagahan ng Pag-aaral<br>b. Kahalagahan ng Pagkain<br>c. Kahalagahan ng Pamamalengke<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>**Pagmumuni-muni.** Gumawa ng isang repleksiyon na naglalahad ng iyong mga sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata nang may paggalang.<br><br>Bakit mahalaga ang paggalang sa karapatan ng kapuwa-bata? Ilahad ang iyong mga dahilan.<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 2: Kahalagahan ng Pagkilala sa Karapatan ko at ng Kapuwa-Bata**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA** | Lagumin ang talakayan sa Unang paksa sa pagsasabi:<br><br>Ang Karapatan ay ang kapangyarihang moral na gawin, hawakan, pakinabangan at angkinin ang mga bagay na kailangan ng tao sa kanilang buhay. Kaakibat sa karapatan ng isang tao ang obligasyon o tungkulin ng kaniyang kapuwa na igalang ito. Bilang kapangyarihang moral, ang karapatan ay pinakikinabangan ng tao lamang dahil ito lamang ang makakagawa ng moral na kilos. Ang dignidad ng tao ang pundasyon ng karapatang pantao, ikaw ay tao at nilikha na kawangis ng maykapal kayat ikaw ay karapat-dapat sa pagpapahalaga at paggalang mula sa iyong kapuwa. |

| | | |
|---|---|---|
| | Basahin ang sanaysay at sagutin ang mga gabay na tanong.<br><br>Bakit mahalaga na malaman mo ang iyong mga karapatan? Kahit ano man ang mangyari, hindi maaaring tanggalin o kuhanin mula sa'yo ang iyong karapatan. Ngunit kung hindi mo alam ang iyong mga karapatan, maaari kang maloko o maisahan ng ibang tao. Sabi nga "walang dahilan ang kamangmangan sa sinuman" kayat mahalagang alam mo ang iyong mga karapatan. Kung alam mo ito, maaari kang maging *child rights advocate* o tagapagsulong ng mga karapatang pambata! Bakit mahalaga ang karapatang pambata? Ito ang proteksyon mo mula sa pananakit at pang-aabuso ng ibang tao. Ito ang proteksyon mo sa panahon ng gyera at sakuna. Ito ang nagsisilbing gabay mo sa araw-araw at sa pang-matagalang panahon. Ito ang tumutugon sa mga pangangailangan mo bilang isang bata. Kung alam mo ang iyong mga Karapatan, alam mo rin kung ano ang iyong gagawin sa oras na may nangyaring paglabag sa iyong mga Karapatan. Malalaman mo kung ano ang tama mula sa pagnanais mong igalang ang iyong mga Karapatan hanggang sa pagsisikap mong gawin ang iyong mga tungkulin na hindi matapakan ang mga karapatan ng iyong kapuwa. Sabi nga ni Confucius "Huwag gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo" at hindi mo nanaising gawin ang mali sapagkat ikaw ay may kilos loob na laging nagnanais na gawin ang mabuti at umiwas sa masama.<br>*(mula sa 163_Gabay_sa_Mundo_ng_mga_Karapatang_Pambata PDF)*<br>Gabay na tanong:<br><br>Para sa iyo, anong pangungusap mula sa sanaysay ang napakahalaga. Isulat ang pangungusap na ito sa patlang.<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahing mabuti ang maikling kwento at sagutin ang tanong tungkol dito. Gamitin ang rubriks na nakapaloob sa pagmamarka ng sagot. | Pangkatin ulit ang klase ng may apat na miyembro at isa isang magbahagi ng sagot. Magtalaga ng lider na mag-uulat ng sagot sa harap ng klase. |

| | | |
|---|---|---|
| | **“Ang Magiting na Pagtulong”**<br>Sinulat ni: Cristy D. Sagun<br>Master Teacher II, SDO Urdaneta City<br><br>Si Miguel ay isang masayahing bata na laging natutuwa sa pagsama sa kaniyang pamilya tuwing Sabado. Isang Sabado, nagpasiya silang pamilya na magpunta sa malaking mall para mag-*shopping* at maglaro.<br>Sa loob ng mall, habang naglalaro si Miguel sa *play area*, biglang nawala ang kaniyang kapatid na si Anna. Sina Mama at Papa ay nagsimulang mag-alala at hanapin si Anna sa buong mall. Lumipas na ang ilang minuto ngunit hindi pa rin nila ito natatagpuan.<br>Si Miguel ay hindi nag-atubiling tumulong sa kaniyang mga magulang sa paghahanap. Nagdesisyon si Miguel na tumulong sa paghahanap sa kapatid niya. Nalaman niya sa *information desk* na may nawawalang batang babae na ang pangalan ay Anna. Agad siyang nagbigay ng impormasyon kay Mama at Papa tungkol sa anunsiyo. Pumunta si Miguel at itinanong si Anna kung ano ang nangyari. Sabi ni Anna, naliligaw siya at hindi na alam kung paano bumalik sa *play area*. Kinuha niya ang kamay ni Anna at dinala siya pabalik sa *play area.*<br>Sa pangyayaring iyon, ipinakita ni Miguel ang pagpapahalaga sa karapatan ni Anna na makasama ang kaniyang pamilya at ang kaniyang tungkulin na tumulong sa paghahanap. Nalaman ng kaniyang mga guro ang kaniyang kagitingan sa pagtulong, at naging halimbawa siya ng magalang at mabuting pag-uugali sa ibang mga bata.<br><br>Gabay na tanong:<br><br>1. Kung ikaw si Miguel sa kuwento, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawa? Bakit?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>2. Ano ang iyong gagawin upang maipagmalaki mo ang iyong sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata bilang tanda ng pagiging magalang?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________ | <u>Inaasahang sagot:</u><br><br>1. Oo, dahil tungkulin ng anak ang pagtulong sa magulang upang mahanap ang nawawalang kapatid.<br><br>2. Kikilalanin at rerespetuhin ang karapatan ni Anna sa nais niyang makasama ang pamilya at hindi ito susumbatan sa pagsasabing: “Ayan, sama ka kasi ng sama eh maliligaw ka lang pala”. |

Rubriks sa pagmamarka ng sagot:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw at akma ang mga sagot sa tanong |
| 90 | Malinaw at akma ang mga sagot sa tanong |
| 80 | Akma ang mga sagot sa tanong |
| 70 | Hindi malinaw at akma ang mga sagot sa tanong |
| 60 | Hindi akma ang mga sagot sa tanong |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

Balikan ang naging sagot sa bahaginan ng Pagproseso ng Pag-unawa, sa tatlo pang pangungusap na naibahagi, alin ang para sa iyo ang pinakamahalaga. Isulat ang pangungusap na ito sa patlang at ipaliwanag kung bakit. Puwedeng isulat ang sariling pangungusap na ibinahagi.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**KAUGNAY NA PAKSA 3: Mga Paraan ng Pagkilala sa Karapatan ng Kapuwa-Bata**

**Karapatang Makilahok (*Participation Rights*)**

**Article 4** Dapat gawin ng gobyerno ang lahat ng kaniyang makakaya at gamitin niya ang kaniyang pondo para masigurong nakakamit mo ang mga karapatang ito.
**Article 12** May karapatan kang sabihin ang iyong saloobin tungkol sa anumang bagay na nakakaapekto sa iyo, at mapakinggan ang mga saloobin at sasabihin mo.
**Article 13** May karapatan kang makakuha at magbahagi ng impormasyon hangga't ang impormasyon ay hindi makasasama sa iyo o sa iba.
**Article 14** May karapatan kang mag-isip at manampalataya nang malaya, at isabuhay ang iyong relihiyon na may paggabay ng iyong mga magulang, basta hindi mo inaapakan ang karapatan ng ibang tao.
**Article 15** May karapatan kang makipagkita sa iba pang kabataan at lumahok sa mga samahan, hangga't hindi ka nakatatapak ng karapatan ng ibang tao.

<u>Lagumin ang talakayan sa Ikalawang paksa sa pagsasabi:</u>
<u>Mahalagang matandaan:</u> Lahat ng tao ay may karapatan. Responsibilidad ng bawat isa na hindi mapabayaan o matapakan ang karapatan ng iba para sa pansariling interes. Halimbawa, lahat ng tao ay may karapatang magkaroon ng opinyon ngunit responsibilidad rin ng bawat isa na hindi maabuso o magamit ang opinyon na ito laban sa paniniwala ng ibang tao.

**Article 16** May karapatan ka sa pribadong buhay. Halimbawa, hindi maaaring basahin o ipamahagi ng iba ang iyong *diary*, larawan, sulat, at mga mensahe sa *mobile phone, email* at *social media* na walang pahintulot mo.
**Article 17** May karapatan ka sa maaasahang impormasyon mula sa *mass media.* Ang mga telebisyon, radyo at pahayagan ay dapat magbigay ng impormasyon na maiintindihan mo, at di dapat na magpalaganap ng mga materyal na makasasama sa iyo.

**Karapatang Maproteksyunan (*Protection Rights*)**

**Article 11** May karapatan kang maproteksyunan laban sa *kidnapping* at pagpupuslit sa iyo sa labas ng bansa.
**Article 19** Dapat siguraduhin ng gobyerno na ikaw ay inaalagaan nang wasto. Dapat kang protektahan laban sa karahasan, pang-aabuso, at pagpapabaya ng iyong mga magulang o ng kung sinumang nag-aalaga sa iyo. Kailangang magpatupad ang gobyerno ng mga programa na makatutulong upang maiwasan ang pang-aabuso at matulungan ang mga biktima ng pang-aabuso.
**Article 21** Karapatan mong maalagaan at maproteksyunan, inampon ka man o nasa pangangalaga ng isang *foster family*.
**Article 22** Kung ikaw ay isang batang napunta sa isang bansa bilang *refugee*, dapat makamit mo pa rin ang mga karapatan katulad ng sa ibang mga batang ipinanganak sa bansang iyon.
**Article 32** May karapatan kang maproteksyunan laban sa trabahong mapanganib o maaaring makapinsala sa iyong kalusugan o edukasyon.
**Article 33** May karapatan kang maproteksyunan laban sa mga mapanganib na gamot o droga.
**Article 34** May karapatan kang maproteksyunan laban sa sekswal na pang-aabuso.
**Article 35** Walang sinumang maaaring dumukot o magbenta sa iyo.
**Article 36** May karapatan kang maproteksyunan laban sa anumang gawain na makasasama sa iyong pag-unlad
**Article 37** Hindi ka dapat maparusahan sa paraang malupit o mapanakit.
**Article 38** May karapatan kang maproteksyunan sa panahon ng giyera. Kung ikaw ay wala pa sa gulang na 15, hindi ka maaaring maging bahagi ng hukbong militar o makibahagi sa giyera.
**Article 39** Kung ikaw ay napabayaan o naabuso, dapat kang makatanggap ng natatanging tulong upang maibalik ang iyong respeto sa iyong sarili.
**Article 40** Kung ikaw ay maaakusahan na lumabag sa batas, may karapatan kang makatanggap ng tulong-legal. Karapatan mo ring tratuhin nang may respeto at

dignidad. Hindi ka dapat ikulong. Ang paglagay sa iyo sa kulungan o pagdaan sa korte ay kailangang iwasan hangga't maaari.

**Article 41** May karapatan kang makamtan ang mga karapatang nakapaloob sa batas sa iyong bansa o sa pandaigdigang batas na mas mahusay kaysa sa mga karapatang nakapaloob sa Kasunduang ito.

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

Tayong lahat ay naninirahan nang magkakasama sa isang mundo bilang mga nilalang, mayroon tayong mga karapatan at responsibilidad sa ating sarili at sa bawat isa.

- Maaari mo bang isipin ang lahat ng mga karapatan na meron ka?
- Maaari mo bang isipin ang mga responsibilidad mo sa iyong sarili at sa iba?"

Magbigay ng tatlong sariling halimbawa sa sumusunod na mga Karapatan at isipin ang katumbas na tungkulin nito sa iyong kapuwa at sa iyong sarili.

| Ang aking mga Karapatan | Ang aking mga Tungkulin |
|---|---|
| **Karapatang Mabuhay at Mapaunlad ang Sarili** | |
| **1.** | |
| **2.** | |
| **3.** | |
| **Karapatang Makilahok** | |
| **1.** | |
| **2.** | |
| **3.** | |
| **Karapatang Maproteksyunan** | |
| **1.** | |
| **2.** | |
| **3.** | |

Pangkatin ang klase ng may sampung miyembro at sundin ang panuto sa gawain ng Pagproseso ng Pag-unawa. Magtalaga ng lider na mag-uulat ng sagot sa harap ng klase.

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagtutugma.** Itugma ang dalawang uri ng Karapatan sa Ikalawang Hanay sa akma nitong halimbawa sa Unang Hanay. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| Unang Hanay | Ikalawang Hanay |
|---|---|
| _____1. Proteksyon sa Karahasan | a. Karapatang makilahok |
| _____2. Proteksyon sa *Kidnapping* | b. Karapatang Maproteksyunan |
| _____3. Paglahok sa mga Samahan | |
| _____4. Magkapagbahagi ng impormasyon | |
| _____5. Manampalataya nang malaya | |
| _____6. Proteksyon sa mapanganib na gamot | |
| _____7. Proteksyon sa Pang-aabuso | |
| _____8. May laya na sabihin ang iyong saloobin | |
| _____9. Proteksyon sa sekswal na pang-aabuso | |
| _____10. Proteksyon sa trabahong mapanganib | |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Panuto.** Isinusulong ng United Nations Convention on Rights of Children (UNCRC) ang *"Child Rights Awareness Campaign"* at ang *"Youth Leadership Training"*.
Mag-*design* ng *cover* ng *informational pamphlets* tungkol sa mga karapatan ng mga bata. Bilang tanda ng liderato at responsibilidad ng *youth leadership*, ipaskil ang ginawang disenyo sa *bulletin* o *information board* ng inyong paaralan.

KARAPATAN NG KAPUWA-BATA

Rubriks sa pagmamarka ng disenyo:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw ang karapatan ng mga bata sa disenyo |
| 90 | Malinaw ang karapatan ng mga bata sa disenyo |
| 80 | Mayroong karapatan ng mga bata sa disenyo |
| 70 | Hindi malinaw ang karapatan ng mga bata sa disenyo |
| 60 | Walang nakikitang karapatan ng mga bata sa disenyo |

**Mga tamang sagot:**
1. b
2. b
3. a
4. a
5. a
6. b
7. b
8. a
9. b
10. b

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT ARAW**

**PABAONG PAGKATUTO**

**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang "Tama" kung ikaw ay sumasang-ayon o "Mali" kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos ng pagiging magalang at pagkilala sa karapatan at tungkulin ng kapuwa- bata. Isulat ang "Dahilan" kung bakit ito ang iyong sagot.

| Mga kilos ng pagiging magalang at pagkilala sa karapatan at tungkulin ng kapuwa- bata | Lagyan ng "tsek" | | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| | TAMA | MALI | |
| 1. Ang mga Karapatan at tungkulin ay mas angkop sa mga nasa gobyerno lamang. | | | ____________________ |
| 2. Maging modelo ang mga magulang sa mga bata sa kahalagahan ng maging magalang. | | | ____________________ |
| 3. Tanging ang tao lamang ang may legal na karapatan na kinikilala ng batas. | | | ____________________ |
| 4. Maging magalang lang sa mga lider ng simbahan, gobyerno at pamayanan. | | | ____________________ |
| 5. May matututuhan ang mga banyaga sa mga karapatan at tungkulin ng mga bata sa Pilipinas. | | | ____________________ |

Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.

Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.

| | | |
|---|---|---|
| | **PAGNINILAY SA PAGKATUTO**<br><br>**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang mga sumusunod.<br><br>Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang iyong natutuhan sa Araling ito?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>**Piliin ang Tamang Sagot.** Basahin ang sumusunod na mga tanong. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>_____1. Ano ang ibig sabihin ng pagiging magalang sa karapatan ng kapuwa-bata?<br>a. Pagsasabi ng masasakit na salita sa ibang bata.<br>b. Pagsasagawa ng mga bagay na labag sa kagustuhan ng ibang bata.<br>c. Pagkilala at pagsusulong ng karapatan ng kapuwa-bata nang may respeto.<br>d. Pang-aapi sa ibang bata upang mapatunayan ang sariling kapangyarihan.<br><br>_____2. Bakit mahalaga ang pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata?<br>a. Nagpapakita ito ng pagiging mas superior sa ibang bata.<br>b. Dahil ito ang tanging paraan upang makamit ang tagumpay sa paaralan.<br>c. Ito ang nagbibigay-daan sa mapayapang pakikisama at respeto sa isa't isa.<br>d. Upang maipakita na ang isang bata ay may kakayahan na pamunuan ang ibang bata. | **Mga tamang sagot:**<br>1. c<br>2. c<br>3. d<br>4. c<br>5. d<br>6. d<br>7. d<br>8. a<br>9. c<br>10. d |

_____3. Paano maipagmamalaki ang pagiging magalang sa karapatan ng kapuwa-bata?
a. Pagtutol sa anumang kagustuhan ng ibang bata dahil sa sariling prinsipyo.
b. Pag-aagawan ang mga bagay na ayon sa sariling interes kahit ayaw ng ibang bata.
c. Pagbibigay ng mga insulto at pang-aasar sa ibang bata nang walang pakundangan.
d. Pag-unawa sa mga pangangailangan at damdamin ng ibang bata, at pagtutulungan ang kanilang mga karapatan.

_____4. Ano ang maaaring epekto ng pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata sa isang komunidad?
a. Pag-aawayan ang mga bagay na hindi naman mahalaga.
b. Pagkakaroon ng tensyon at alitan sa pagitan ng mga bata.
c. Pag-unlad ng masusing pakikisama at pagrespeto sa isa't isa.
d. Pagiging mapagmataas at pagyabang ng mga bata sa kanilang kakayahan.

_____5. Paano mo maipagmamalaki ang iyong sariling tungkulin?
a. Ipagmamayabang ko parati ang lahat ng aking mga ginawa.
b. Ipopost ko parati sa *social media* ang lahat ng aking mga ginagawa upang makita ng mga tao.
c. Ipagmamalaki ko na marami akong mga tungkuling dapat gawin kaya nararapat lamang na ako ay parangalan.
d. Gumawa ng mga mabubuting aksiyon na may kinalaman sa pagtulong, paggalang, pagbibigay respeto, at iba pang ugali na katanggap-tanggap sa kapuwa.

_____6. Ano ang tinutukoy ng "UNCRC" sa konteksto ng mga karapatan ng mga bata?
a. United National Child Rights Code
b. Universal National Child Rights Code
c. Universal National Children's Republic Code
d. United Nations Convention on Rights of Children

_____7. Ano ang pangunahing layunin ng "*Child Rights Awareness Campaign*"?
a. Magbigay ng mga laruan sa mga bata.
b. Bawasan ang mga karapatan ng mga bata.
c. Ituro sa mga bata ang mga responsibilidad ng mga magulang
d. Palaganapin ang kaalaman tungkol sa mga karapatan ng mga bata.

_____8. Ano ang pinakamahalagang aspekto ng karapatan ng mga bata na may kinalaman sa edukasyon?
a. Karapatan sa libreng edukasyon.
b. Karapatan sa masasarap na pagkain.
c. Karapatan sa paggamit ng mga gadget.
d. Karapatan sa malalaking bahay at lupa.

_____9. Ano ang pangunahing layunin ng "*Youth Leadership Training*"?
a. Mag-organisa ng mga protesta laban sa mga matatanda.
b. Turuan ang mga kabataan kung paano maging pasaway.
c. Turuan ang mga kabataan ng mga liderato at responsibilidad.
d. Palakasin ang mga kabataan sa pagtutulungan para sa mga negatibong gawain.

_____10. Ano ang dapat gawin upang ipakita ang pag-unawa sa karapatan ng kapuwa-bata?
a. Pagsasabi ng masasamang salita sa mga bata.
b. Pag-aalis ng mga bata sa mga pampublikong lugar.
c. Pagtuturo sa kanila ng maling impormasyon ukol sa mga karapatan.
d. Pagbibigay ng atensyon sa kanilang mga pangangailangan at damdamin.

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**
***J.S.From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata at pagiging magalang.

| Naisagawa o naipakita ko ba ang mga kilos na ito sa aking kapuwa-bata? | Lagyan ng isang tsek (√) ang akmang kilos | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
| Tamang Karapatan | | | | | |
| Mabuting Tungkulin | | | | | |
| Naging Magalang | | | | | |

Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang aralin. Walang takdang aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| ***At iba pa*** | | |

Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito ididokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |